



Impormasyon sa Pagsusuri sa Pagrenta



Ordinansa sa Pagpaparehistro at Pagsusuri ng Pagrenta (RRIO)

Pagpapahusay at pagpapanatili ng ligtas at mabuti sa kalusugan na pabahay para sa lahat ng Nagrerenta sa Seattle



Pagrenta sa Seattle

Mga Karapatan Responsibilidad, Mapagkukunan

May karapatan ang mga nagrerenta na:

- Mamuhay sa ligtas at maayos na pinapanatiling pabahay
- Hindi maapektuhan ng diskriminasyon o pagganti
- Makatanggap ng maayos na abiso bago magbigay ng access sa pagrenta
- Hindi maapektuhan ng mga pagpapaalis na labag sa batas
- Makatanggap ng nakasulat na abiso tungkol sa mga pagbabago sa kasunduan sa pagrenta

May responsibilidad ang mga nagrerenta na:

- Bayaran ang renta
- Hindi sirain ang ari-arian
- Sundin ang mga tuntunin ng kasunduan sa pagrenta
- Magbigay ng makatuwirang access sa may-ari at tagapamahala ng ari-arian

Matuto nang higit pa tungkol sa iyong Mga Karapatan at Responsibilidad bilang isang Nagrerenta sa:

www.seattle.gov/rentinginseattle

Makipag-ugnayan sa Amin



WEBSITE
www.seattle.gov/RRIO



TELEPONO
(206) 684-4110



TTY
7-1-1 o (206) 233-7156



MAIL o NANG PERSONAL
700 Fifth Avenue, 20th Floor
PO Box 34234
Seattle, WA 98124-1234

May Available na Mga Nakasalin na Bersyon

Amharic (አማርኛ) • Cambodian/Khmer (ភាសាខ្មែរ) • Chinese (中文) • Korean (한국어) • Lao/Laotian/Phaasaa Lao (ພາສາລາວ) • Oomiffa • Russian (русский язык) • Somali/af Soomaali • Spanish (Español) • ʼAḡalog • Thai (ภาษาไทย) • Tigrinya (ትግርኛ) • Vietnamese (Tiếng Việt)

BAKIT NANGANGAILANGAN NG PAGSUSURI ANG AKING BAHAY?

Ang pagpapanatili ng availability at kalidad ng pinarentahang pabahay ay nakakatulong na gawing mainam na tirahan ang Seattle. Tumutulong ang programang RRIO na tiyaking ligtas ang pinarentahang pabahay sa Seattle at tumutugon sa mga pangunahing pamantayan ng pagpapanatili. Itinatag ang programa upang protektahan ang mga nagrerenta laban sa pagtira sa mga ari-arian hindi maayos na pinapanatili.

Upang matiyak na ligtas na pinapanatili ang iyong bahay, maaaring kailanganin ng isang pagsusuri. Responsibilidad ng may-ari o tagapamahala ng ari-arian na isagawa ang pagsusuri.



SINO ANG MAGSASAGAWA NG PAGSUSURI?

Isasagawa ang mga pagsusuri ng alinman sa:

- Isang tagasuri ng Lungsod
- Isang sinanay na pribadong tagasuri na ang kanyang trabaho ay sinusubaybayan ng Lungsod



PAANO ISINASAGAWA ANG ISANG PAGSUSURI?

Ang pagsusuri ng RRIO ay isang maingat na pagsusuri sa mga pangunahing kinakailangan sa pabahay. Susuriin ng tagasuri ang mga bagay tulad ng:



Walang mga butas o nakikitang tagas sa bubong o mga dingding



Pag-aayos sa tubo gaya ng gumagana ang mga lababo at palikuran



Gumagana nang maayos at secure ang mga bintana at pinto



May permanenteng naka-install at gumaganang sistema ng pagpapainit

Ang pagsusuri ay *hindi* pagtingin sa iyong mga pag-aari, kung paano ka namumuhay o kung ano ang ginagawa mo sa lugar na iyong tinitirhan.

Makikita mo ang kumpletong checklist ng pagsusuri sa www.seattle.gov/RRIO.



Ang tagasuri ng RRIO ay:

- Titingin sa lahat ng kuwarto sa ari-arian
- Titingin sa mga panlabas na lugar
- Maaaring tumingin sa ilalim ng mga lababo o sa likod ng kasangkapan



Ang tagasuri ng RRIO ay *hindi*:

- Titingin sa iyong mga personal na kagamitan
- Titingin sa mga dresser o iba pang mga kagamitan
- Magtatanong sa iyo tungkol sa status sa imigrasyon o mga aktibidad na labag sa batas



PAANO ISASAGAWA ANG PAGSUSURI?

1 ABISO

Dapat kang makatanggap ng hindi bababa sa dalawang araw na paunang abiso tungkol sa pagsusuri mula sa may-ari o tagapamahala ng ari-arian.

Dapat kang magsagawa ng plano kasama ng may-ari o tagapamahala ng ari-arian para sa pagpasok sa iyong yunit. Sa ilalim ng batas ng Lungsod at Estado, hindi mo maaaring tanggihan nang hindi makatuwiran ang access para sa isang pagsusuri.

2 MAGHANDA

Maagang ipaalam sa iyong may-ari o tagapamahala ng ari-arian ang tungkol sa anumang bagay na kailangang ayusin.

Tiyaking makakapunta ang tagasuri sa lahat ng lugar sa iyong yunit. Alisin ang anumang mga personal na bagay na ayaw mong makita.

3 ACCESS

Sa araw ng pagsusuri, tiyaking maa-access ng tagasuri ang iyong yunit.

Nasa sa iyo na kung dadalo ka para sa pagsusuri o hindi.

4 FOLLOW UP

Ipapaalam sa may-ari at tagapamahala ng ari-arian ang mga resulta ng pagsusuri. Malalaman mo kung nakapasa sa pagsusuri ng ari-arian sa www.seattle.gov/sdci. Ilagay ang iyong address sa paghahanap na "find Status and Activity" (maghanap ng Status at Aktibidad).

Kung nagkaroon ng problema sa pagsusuri, o isyu sa pagpapanatili o kaligtasan na nakaligtaan, maaari mo itong i-ulat sa may-ari o tagapamahala ng ari-arian, o maaari kang tumawag sa programang RRIO sa **(206) 684-4110**.

